Sindaw Journal
2026, Tomo 1, Bilang 1
e-ISSN: 3155-6515 | p-ISSN: 3155-6507

ORIHINAL NA ARTIKULO

OPEN ACCESS

# Di-Islamiko: Ang Tradisyonal na Kanggawii ng mga Meranaw at ang Saysay nito

*Un-Islamic: The Traditional Kanggawii of the Meranaws and Its Significance*

Marjan M. Camama[1], Jumaila C. Watamama[2]
[12]Mindanao State University-Main Campus
*Korespondensiyang awtor: marjan.camama@msumain.edu.ph

*Natanggap: Hunyo 15, 2026* | *Nirebisa: Hulyo 15, 2026* | *Tinanggap: Hulyo 20, 2026* | *Inilathala: Hulyo 31, 2026*

**Abstrak (Filipino)**

Layunin ng papel na itong ipakilala ang tribong Meranaw sa konteksto ng panahong pre-Islamiko o mas kilala sa tawag na Panahon ng Jahiliyya o Panahon ng Kamangmangan - na nagbunga ng maraming kaugalian hinggil sa mga nauna o tradisyonal na paniniwala ng tribong ito hanggang sa panahon ng pananakop ng mga banyaga at maging sa kontemporanyong panahon na nagpapakita sa kahalagahan ng usaping paglilibing o *Kanggawii*. Taliwas man sa relihiyong Islam, na kasalukuyang relihiyon ng mga Meranaw, ang pagsasagawa sa mga kaugaliang ito ay labas sa mga alituntuning nakasaad sa Qur'an at dahil sa pasalin-saling tradisyon ng mga nakatatanda, ito ay naipapasa sa bawat henerasyon. Mahalaga ang pagsasagawa ng *Kanggawii* dahil ito ang paghahatid ng mga naulilang pamilya sa namatay nilang kaanak sa huling hantungan nito bago pumasok sa buhay na walang hanggan o *life after death*. Sinisimbolo nito na hindi lamang ang yaman ang mayroon ang kulturang Meranaw kundi ang katayuan sa buhay ng pamilya ng namatay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga prosesyon ng *kanggawii* tulad ng *kambayoka*, *karawatib*, *kandiyaga*, *katibaw*, *katatabanga*, *tarkin* at *kandowali*. Ito ang identidad na nagpapakilala sa mga Meranaw.

**Abstract (English)**

The purpose of this paper is to introduce the Meranaw tribe in the context of the pre-Islamic period - better known as the Jahiliyya Period or the Age of Ignorance - which gave birth to many customs regarding the previous or traditional beliefs of the tribe until the time of foreign colonization and even in the contemporary era which will show the importance of the burial matter or *Kanggawii*. Contrary to the teaching of religion of Islam, which is currently the religion of the Meranaw, the practice of these customs that are outside of the principles stated in the Qur'an and due to the everchanging traditions of the elders, it is passed down from generation to generation. The performance of *kanggawii* is important because it is the final service of the bereaved families to their deceased relatives in their last destination on Earth before entering eternal life or life after death. It symbolizes that it does not only the wealth that the Meranaw culture has but also the life status of the family of the deceased by performing *kanggawii* processions such as *kambayoka*, *karawatib*, *kandiyaga*, *katibaw*, *katatabanga*, *tarkin* and *kandowali*. This is the identity that distinctly describes the Meranaw people.

*Susing-salita:* Pre-Islamiko, Di-Islamiko, Tradisyon, Kanggawii, Meranaw

*Keywords:* Pre-Islamic, Un-Islamic, Tradition, Kanggawii, Meranaw

Pagsipi (To cite):
Camama, M. & Watamama, J. (2026). Di-Islamiko: Ang Tradisyonal na Kanggawii ng mga Meranaw at ang Saysay nito. *Sindaw Journal, 1(1), 59-68.* https://doi.org/10.5281/zenodo.22063675

© 2026 (Mga) Awtor. Inilathala ng Departamento ng Filipino at Iba Pang Wika
CSSH, Mindanao State University-Main Campus, Marawi City, 9700, Philippines
Website: https://sindawjournal.org email: sindawjournal@msumain.edu.ph
Ang artikulong ito ay bukas ang pag-akses sa pamamagitan ng CC BY license

## 1. Introduksyon

*"So kapatay gowani ko mga loks na miyamakalala siran i kepit"* salin sa Filipino, Ang kamatayan noong sinaunang panahon ay nakabatay sa paniniwala ng pagkakaroon ng angking kapangyarihan.

Sa pakikipanayam kay Ustadh Mohsin noong ika-25 Setyembre 2024, binanggit niya na natutuhan ng mga sinaunang Meranaw ang wastong paraan ng paglilibing sa pagdating ng mga *sufi*, na sa kanilang tradisyon ay itinuturing na mga ispiritung may pambihirang kapangyarihan. Kabilang sa mga ito ang mga *sharief* na sina Bantugan, Lumna, at Tuminaman sa Ogong, na pinaniniwalaang dumating sa Pilipinas. Ayon pa sa salaysay, nakipaglaban ang mga ito kina Sharief Kabunsuan, Awliyyah, at Abubakar, na nagwagi sa naturang labanan. Ang salaysay na ito ay nagpapakita na ang mga ritwal sa paglilibing ng mga Meranaw ay nahubog hindi lamang ng kanilang mga paniniwalang katutubo kundi maging ng pagpasok ng Islam sa Mindanao.

Sa Pilipinas, ang paniniwala sa buhay pagkatapos ng kamatayan ay matagal nang bahagi ng iba't ibang pamayanang katutubo. Ang paniniwalang ito ang naging saligan ng pagbuo ng mga kaugalian at ritwal na may kaugnayan sa paglilibing ng yumao. Dahil sa pagkakaiba-iba ng mga pangkat etniko sa bansa, umusbong din ang sari-saring paraan ng paglilibing na sumasalamin sa kanilang paniniwala, pagpapahalaga, at pananaw tungkol sa kamatayan. Isa sa mga pangkat na may natatanging tradisyon sa paglilibing ay ang mga Meranaw.

Ang mga Meranaw ay naninirahan sa paligid ng Lawa ng Lanao sa kanlurang Mindanao at kinikilalang isa sa mga pangunahing pangkat etnolingguwistiko sa rehiyon (Pandapatan et al., 2026). Sa kabila ng mga pagbabagong dulot ng kolonyalismo, relihiyon, at modernisasyon, nananatili ang ilang mahahalagang kaugalian na nagpapakita ng kanilang mayamang pamana ng kultura. Isa sa mga ito ang *Kanggawii*, isang terminong Meranaw na tumutukoy sa mga gawaing isinasagawa matapos mailibing ang yumao. Kabilang dito ang iba't ibang ritwal tulad ng *Kambayoka*, *Karawatib*, *Kandiyaga*, *Katibaw*, *Katatabanga*, *Tarkin*, at *Kandowali*. Gayunpaman, ang ilan sa mga gawaing ito ay unti-unti nang nawawala o nababago bunsod ng impluwensiya ng Islam at ng patuloy na pagbabago ng lipunan.

Bagama't may mga naunang pag-aaral na tumatalakay sa kultura at kasaysayan ng mga Meranaw, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na sistematikong naglalarawan at nagsusuri sa ebolusyon ng kanilang mga ritwal sa paglilibing mula sa panahong pre-Islamiko, panahon ng kolonyalismo, hanggang sa kontemporanyong panahon. Higit pa rito, kakaunti ang mga pag-aaral na nakabatay sa mga salaysay ng mga lokal na tagapag-ingat ng tradisyon at iba pang impormante na may malalim na kaalaman sa mga kaugaliang ito. Dahil dito, nananatiling may kakulangan sa dokumentasyon at pag-unawa kung paano nabuo, nabago, at nananatili ang mga ritwal sa paglilibing ng mga Meranaw sa paglipas ng panahon.

Sa kontekstong ito, layunin ng pag-aaral na mailarawan at masuri ang mga gawain at ritwal sa paglilibing ng mga Meranaw mula sa panahon bago ang pagdating ng Islam sa Mindanao (pre-Islamic period), sa panahon ng kolonyalismo, hanggang sa kontemporanyong panahon. Inaasahang ang ambag ng pag-aaral ay upang higit na maunawa ang dinamika ng kulturang Meranaw at maitala ito sa pamamagitan ng dokumentasyon at pangangalaga ng kanilang mayamang pamanang kultura.

Mga Layunin ng Pag-aaral

1. Itampok ang mga konsepto at gawi ng Kanggawii bago ang pagdating ng Islam.
2. Ilahad ang mga dahilan ng pag-usbong ng mga konseptong ito.
3. Ipakita ang kahalagahan ng *Kanggawii* sa kontemporanyong lipunan ng mga Meranaw.

CC BY

## 2. Metodo

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kuwalitatibong deskriptibong disenyo na may *narrative approach* upang mailarawan at masuri ang mga tradisyunal na kaugalian ng mga Meranaw kaugnay ng *kanggawii* batay sa mga salaysay ng mga pangunahing impormante (*Key informants*), partikular ng mga aleem at ustadh. Ang *narrative approach* ay naging angkop sapagkat binibigyang-diin nito ang pangangalap at pagsusuri ng mga kuwento, karanasan, at pananaw ng mga impormante hinggil sa kanilang mga paniniwala at tradisyong may kaugnayan sa paksa ng pag-aaral. Sa pamamagitan nito, naipakita kung paano naipapasa, napapanatili, at nagbabago ang mga kaugaliang ito sa paglipas ng panahon.

Sa pagpili ng mga pangunahing impormante, ginamit ang *purposive sampling*. Ang mga kalahok ay pinili batay sa mga sumusunod na pamantayan: (1) may malawak na kaalaman tungkol sa mga tradisyunal na kaugalian, tradisyon, at paniniwala ng mga Meranaw; (2) may sapat na kaalaman sa relihiyong Islam; (3) may edad na 30 hanggang 50 taong gulang; at (4) naninirahan sa probinsya ng Lanao del Sur. Ang mga pamantayang ito ay itinakda upang matiyak na ang mga impormante ay makapagbibigay ng mayaman, mapananaligan, at kaugnay na datos para sa pag-aaral.

Isinagawa ang mga panayam sa mga lugar na pinili ng mga impormante upang matiyak ang kanilang kaginhawahan at malayang pagbabahagi ng kanilang mga salaysay. Bago ang panayam, humingi ang mga mananaliksik ng pahintulot sa bawat kalahok sa pamamagitan ng tawag sa telepono o *text message*. Sa pangangalap ng datos, gumamit ang mga mananaliksik ng *voice recorder, video recorde*r, at talaan para sa maayos na pagtatala ng mga impormasyon. Gumamit din ng isang *semi-structured* na gabay sa panayam upang matiyak na masasagot ang mahahalagang usapin kaugnay ng *kanggawii* habang pinahihintulutan pa rin ang mga impormante na malayang maibahagi ang kanilang mga karanasan at pananaw.

Ang mga nakalap na datos ay pangunahing nagmula sa mga salaysay ng mga aleem at ustad na may personal na karanasan bilang mga nakasaksi, nakilahok, o nagsagawa ng mga ritwal na may kaugnayan sa *kanggawii*. Bilang suporta sa mga nakalap na datos, nagsagawa rin ang mga mananaliksik ng masusing pagsusuri sa mga kaugnay na aklat, tesis, *journal*, artikulo, at iba pang mapagkakatiwalaang sangguniang elektroniko upang mapalawak at mapagtibay ang mga impormasyong nakalap mula sa mga panayam.

Ang pagiging makasaysayan ng pag-aaral ay mahirap unawain dahil sa kakapusan ng pananaliksik na isinagawa rito kaya ang pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa mga konsepto ng *kanggawii* at hindi kinakatawan ang buong kultura ng mga Meranaw. Kaya, isinasaalang-alang ng mananaliksik ang mga nakasulat na salaysay sa kasaysayan at mga salaysay ng mga lider na Meranaw - aleem o ustad na may malaking kaalaman sa kulturang Meranaw - na naninirahan sa mga piling munisipalidad ng Lanao del Sur.

Ang pag-aaral na ito ay makabuluhan sa paglinang at pagpapalawak ng kaalaman sa papel ng *kanggawii* sa buhay ng mga Meranaw. Ito ay magbibigay-liwanag sa iba pang mga mananaliksik na gustong pag-aralan ang mga tradisyon ng libing ng mga Meranaw at kung ano ang sanhi ng mga pagbabago sa orihinal na konsepto nito.

## 3. Resulta at Diskusyon

### Ang mga Meranaw sa Panahong Pre-Islamiko

Tinatawag na *pre-islamic* ang mga kaugaliang nauna nang isinasagawa at sinusunod ng mga Meranaw bago ang pagdating ng Islam sa Mindanao. Ang *un-Islamic* naman ay ang mga gawaing taliwas sa kautusan ng relihiyong Islam. Ang mga tradisyong ito ay mas nakilala at napatutuhanan sa pagdating ng unang Arabong mangangaral na dumating sa Pilipinas dala ang relihiyong Islam, si Karim Al-Makhdum. Ayon kay Saleebay (1905), ang Islam ay nagkaroon ng saligan noong 1380

CC BY

sa pamamagitan ng mga misyonerong Muslim na kilala bilang *Makhdumin*, gaya ng isiniwalat ng tinatawag na Tarsilas - isang koleksyon ng mga talaangkanan ng mga tao at komunidad na nagsasalaysay ng kanilang pinagmulan at katangian.

Ito ay isang pagpapatunay na hindi pa man naabot ng relihiyong Islam ang mga Meranaw o unang nanirahan sa bansa ay umusbong na ang mga paniniwala sa kapangyarihan. Ang mga kakaibang kakayahang ito ng tao ay pinaniniwalaang bigay ng Allah (swt) sa kanyang mga tagasunod at tagapalaganap ng kanyang salita.

Ang Maranaw, Muranao, Mu'ranao, or Meranaw, kabilang sa pamilya ng mga wikang Austronesian (Malayo-Polynesian), isa sa pinakamalaking grupong pangkultura ng mga Muslim sa Pilipinas (Madale, 1973). Nakatira sila sa paligid ng Lawa ng Lanao sa katimugang isla ng Mindanao at pinangalanan bilang Mer-Ranao dahil nakatira sila sa paligid ng lawa at ito ay literal na nangangahulugang 'Mga Tao mula sa Lawa' o 'Mga Tao ng Lawa' (Madale & Cheng, 1994; Moalam-Abdulrachman, 1991). Sila ay pinaghalong grupo ng mga Maguindanao na tinangkilik ang Islam bilang relihiyon, nakasaad batay sa sarsila (talaangkanan ng mga Meranaw), na sila ay lahi ni Sharif Kabungsuan, na nagpakilala ng relihiyon sa kanilang lugar (Majul, 1999). Ang pagpapanatili ng kanilang kaugalian, tradisyon at paniniwala ay isa sa mga kilalang aspeto ng tribong ito. Mula sa mga sultanato hanggang sa mga kaugalian sa paglilibing, ginagawa pa rin ng Meranaw ang mga ritwal at pamamaraan nito kahit sa pagtatapos ng ilang mga siglo.

Ang pinakaunang mga rekord ng kasaysayan ng Meranaw na matatagpuan sa mga salsila o oral na tradisyon ay tungkol sa kaharian ng Bumbaran kung saan nagmula ang mga ninuno ng kasalukuyang Meranaw. Sinasabi ng alamat na nang dumating ang mga unang misyonerong Muslim upang mangaral ng Islam, ang mga naninirahan sa Bumbaran ay tumanggi na magbalik-loob. Ang buong kaharian noon ay lumubog sa ngayon ay kilalang Lake Lanao. Apat na tao lamang ang nakaligtas at sila ang naging mga ninuno ng Maranaw ngayon. Ang mga estadong ito ay Bayabao, Masiu, Unayan, at Balo-i (Darangen, 1980).

Sa kanilang patuloy na pamumuhay sa mga nabanggit na sultanatong estado, ang mga tradisyon at paniniwala ay nagpatuloy. Ito ang pamanang dala-dala ng mga Meranaw saan man sila anurin ng kapalaran. Ang bawat kilos at pagiging Meranaw ay naaayon sa arbitraryong kinasanayan ng mga tao. Patunay lamang na sila ay may mayamang kalinangang nabuo at ang kanilang sibilisasyon bilang mga tao ay sistematiko bago pa man ang impluensiya ng mga ibang lahi na nakarating sa Lanao. Sa ganang mahalaga ang bawat gawain sa pang-araw-araw ng mga Meranaw, isa sa maituturing na makulay na yugto ng buhay ng tao ang kamatayan. Maraming paniniwala ang nakapaloob rito kung kaya't marami ring mga ritwal ang isinasagawa. Ang araw ng pagluluksa o pagdadalamhati ay tinatawag na *kanggawii*.

Ang *kanggawii* ay isang ritwal at mahalagang pagpapahayag ng adat (lokal na kaugalian) na itinuturing bilang Islamiko, bagaman ang ilan sa mga ulama ay itinuturing itong laban sa Islam, o hindi Islamiko, dahil sa paghahalo ng tradisyonal at Islamikong mga gawi. Upang mapreserba ang kaugalian ng tradisyonal na paglilibing, ang pagsunod sa mga prosesong itinalaga ng lumang kaisipan ay isinasagawa. Ang mga antropologong sina Ewing (1958) at Casino (1967) ay nakapagtala ng ilang mga kasanayan na maaaring hindi kinakailangang aprubahan ng Islam. Inilarawan nila ang ilan sa mga ito bilang ipinahayag sa mga ritwal na may nilalamang Islam o mga panalangin na hinihingi sa isang Imam. Ang mga ritwal na ito ay itinuturing bahagi ng *folk-Islam*. Sa pagdating ng Islam, ang ilan sa mga matatanda ay niyakap ito, ngunit hindi lahat, sapagkat hindi madaling bitawan o kalimutan ang nakasanayan kung kaya't pinaghalo ito sa kadahilanang upang mapreserba ang kaugalian bilang bahagi ng kanilang identidad at upang yakapin ang mga salita ng Panginoong Allah (swt).

CC BY

**Ang Orihinal na Konsepto ng Kandowali**

Hindi bawal ang mga gawain sa paglilibing sa mga katutubo ng Pilipinas. Ang bawat pangkat-etniko ay maaaring mag-iba-iba sa paraan sa libing ngunit karamihan sa mga ito ay gumagawa ng *interment form* ng libing (Cariga, 2006). Tulad ng ibang mga tribo, ang mga Meranaw ay may kanya-kanyang paraan ng paglilibing sa kanilang namatay. Ang *kanggawii* ay ang tradisyonal na kaugalian sa paglilibing ng Meranaw. Ang orihinal na konsepto nito ay halos lampas o lumampas sa pamantayan ng Islam (Cali et. al, 2019). Sa aktibidad na ito, maraming bagay ang kailangang gawin tulad ng pagsasagawa ng *diyaga* - mga pampaaliw na aktibidad na nagsisilbing pampagising sa mga bisita - at iba pang kinakailangang aktibidad. Ang *kanggawii* ay karaniwang ginagawa sa loob ng 7 hanggang 5 araw at kung minsan ay 3 araw para sa mas batang indibidwal at sa loob ng mga araw na ito ang itinuturing na pagluluksa.

**a. *Kanggawii* (Integrasyon ng Islamik at hindi Islamikong Gawain)**

**Mga Katangian at Pamamaraan sa *Kanggawii***

Ang paglilibing ng yumao para sa mga Meranaw ay hindi lamang limitado sa emosyon ng pamilyang naulila kundi isang kaganapang panlipunan. Kaya, ang proseso at paraan ng libing ay dapat sundin. Kapag namatay ang isang Meranaw, ang pamilya ng naulila ay dapat magsagawa ng *kandidiyagaw* (umiiyak nang malakas dahil sa pagdadalamhati), *karigo* (pagligo sa patay), *kakapan* (pagbabalot ng bangkay ng puting tela), *kairing* (pagbubuhat ng katawan sa paligid ng bahay), *kakobor* (paglilibing ng bangkay), *katarkin* (pagbubuhos ng tubig sa libingan), *kandowali* (pagdiriwang ng mga patay), *karawatib* (pag-awit ng pangalan ng Allah), *kapotos sa rawatib* (pag-aalay ng pagkain), at *kasadka* (pagbibigay ng pera). Pagkatapos ng mga prosesong ito, ang pamilya ng namatay na indibidwal ay magsasagawa ng *kanggawii* o tradisyonal na libing na tumatagal ng hindi bababa sa 3, 5 o 7 araw. May ilang proseso rin na kapag ang namatay ay isang datu o bae ng isang lungsod, dinodoble ang araw ng *kanggawii* at nagiging 14 araw.

Para sa mga proseso na ginagawa para rito, pagkatapos mailibing ang namatay ay maglalagay ng *tent* ang pamilya sa harap o tabi mismo ng kanyang libingan. Ito ay sa paniniwalang sa loob ng 7 araw ay nananatili pa ang kaluluwa ng namatay sa kanyang libingan at kailangang itong samahan upang mapawi ang mararamdamang kalungkutan at takot nito. Ang pagbabantay na ito ay salinhinan ng sinumang magnanais magbantay. Susundan ito ng unang 3 araw ng *kanggawii* na tinatawag na *kakang* (pagpag) dahil ito ang mga araw na dapat magpagpag o ang sama ng loob ng mga naulila ay dahan-dahang ipapalabas, ang *diyaga* rin ay nagaganap sa unang 3 araw na magsisimula sa gabi pagkatapos ilibing ang namatay at ginagawa din ang *kapangadi* (pagbabasa ng Qur-an) at pampublikong seremonya (wasyat). Bilang bahagi ng *kandiyaga* ay isinasagaw rin sa loob ng 7 araw, ang mga pang-aliwng laro tulad ng *kanggansar* (paglalaro ng malilit na patpat na gawa sa kawayan), *kasisisising* (paglalaro gamit ang singsing), pagpapaikot sa bote, *kasator* (chess) at iba pang pang aliw. Ang mga *tomitibaw* o mga bisitang nakikiramay ay pumupunta sa bahay o lugar kung saan itinalaga ang *kanggawii* upang ipahayag ang kanilang pakikiramay at magdala ng pera bilang *tabang* (tulong) sa mga naulila at paghahainan din sila ng pagkain - ito ay upang mapawi ang gutom at uhaw ng mga nakiramay na kadalasang mula sa malalayong lugar o *inged*. Tatawagin sa harap ang ilang bisita upang magbigay ng kanilang mensahe para sa pamilya at ito na rin ang oras ng kanilang pagpapakilala sa iba pang bisita. Sinasabing ang mga taong dadalaw sa namatay ay mauuri sa tatlo: (1) G*inawai o miyawafat* (kaibigan), (2) *Tonganay o miyawafat* (kamag-anak), at huli, (3) *Bala-iya o miyawafat* (biyanan o *in-laws*). Pagkatapos ay susundan ito ng paghahain ng pagkain ng pamilyang naulila sa mga bisita.

Sa pagpili ng pagkain, maaaring magkatay ng hayop tulad ng kalabaw, baka o kabayo, ito naman ay nakadepende sa kakayanang pinansyal ng pamilya ng naulila. Pagsapit ng ika-7 araw ng *kanggawii* at kinokonsiderang huling araw, isinasagawa ang *kadaolat sa miyatay,* isang sayaw na

CC BY

nagsisilbing imbitasyon sa mga patay. Mag-iimbita ng 4 hanggang 6 na *padidikir* (*chanters*) upang pangunahan ang sayaw. Ang apat na mananayaw ay poporma ng dalawang linya at tutungo sa libingan ng namatay. Ang mga ito ay nakasuot ng pinalamutiang kasuotang pang-Meranaw na kumpleto sa panyo at tobao (turban) na nakatali sa ulo, na ang isang dulo ay nakaturo nang matigas pataas. Sa itaas o sa harap ng libingan ay isang upuan ang nilagyan ng makukulay na tela ng Maranaw at ang punong mananayaw ay magsisimulang kumanta ng *dikir* at kapag umabot na mataas na nota, huminto, at pinapayagan ang taong katabi niya na magpatuloy. Ginagawa ito hanggang sa makapagtanghal ang lahat ng apat na *padidikir*. Pagkalipas ng ilang minuto, sa paniniwalang tinanggap ng kaluluwa ng patay ang imbitasyon, dinadala ng mga umaawit ang upuan sa bahay ng naulila ng pamilya. Ang mga kamag-anak at pamilya ay magpapaalam sa kaluluwa. Dito na magtatapos ang *kanggawii*.

Matapos ang mga araw na itinalaga, ang mga Meranaw ay naniniwala na ang kaluluwa ng namatay ay patuloy na gumagala sa buong mundo sa loob ng 100 araw kaya sila ay nagsasagawa ng *kapagarowak* (araw ng kaluluwa) kung saan sila ay magbibigay ng pagkain sa kanilang mga kapitbahay o sila ay magdaraos ng isang seremonya kung saan ang mga taong dadalo ay bibigyan ng pagkain. Ito ay karaniwang sinusunod sa 10, 30, 50, 70, 90 at 99 araw pagkatapos ng pagkamatay ng indibidwal. Pagkatapos ng *kapagarowaka*, ang *kapaalikodan* ay ginagawa sa ika-100 araw pagkatapos ng kamatayan ng mga patay. Sa araw na ito, ang naulilang pamilya ay magsasagawa ng isang seremonya para sa tuluyang paglisan ng kaluluwa mula sa lupa at tatawid sa kabilang mundo (Cali, 2019).

Sa lipunang Meranaw, gayunpaman, patuloy pa ring isinasagawa ang mga kaugaliang ito sa kabila ng mga pagsisikap na mabawasan o tuluyang mapawi ang mga ito. Bagama't may posibilidad na ang ilan sa mga kaugaliang ito ay unti-unting maglaho sa paglipas ng panahon, mananatili pa rin ang mga bakas ng mga ito sa kultura ng mga Meranaw. Ang impluwensiya ng mga kaugaliang ito ay patuloy na makikita sa kanilang paraan ng pag-iisip, pagkilos, at pakikipamuhay, bilang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan at pamana ng kultura.

## Ang Paghahanda sa Pagdaraosan ng ***Kanggawii***

Sa mga paghahanda, lalo na sa *endarpaan* (pagdaraosan ng lamay), ay mga puting bandiritas - gawa sa kahoy at puting tela - na inilalagay sa labas ng bahay ng naulilang pamilya at madalas, ang iba ay mga puting bandila - malaki ng kunti sa mga bandiritas - ay inilalagay sa daan patungo sa aktwal na bahay o lugar ng libing bilang indikasyon na mayroong pumanaw na tao. Ito ang inilalagay na disenyo kung ang namatay ay isang ordinaryong tao lamang. Naglalagay naman ng *osonan* na inilalarawan bilang isang bahay ang istruktura na gawa sa kawayan o kahoy at natatakpan ng puting tela hanggang sa bubong nito. Ang istruktura ay tulad ng makulay na *marigay*. Ang isang *osona* ay may apat na sulok. Ang bawat sulok ay maaaring kabitan ng puting bandila (Madale, 1997). Sa loob ng isang *osonan* ay mga agong, isang instrumentong pangmusika na katulad ng tambol, na nilalayong tugtugin ng kalalakihan habang napapaligiran ng kababaihan. Ang mga babae ay maaaring magsagawa ng *fan dance*. Ang *osonan* at ang pagtatanghal ay pawang karangalan sa namatay. Ito naman ang disenyong inilalagay sa harapan ng bahay ng pamilya ng nagluluksa kapag ang namatay ay *datu* o *bae* ng kanilang lugar, indikasyon ng pagdadalamhati ng buong lugar.

Ang *osonan* ay naging kasanayan na ng mga Meranaw mula pa noong pre-kolonyal. Hindi kailanman papabayaan ng mga Meranaw ang pagtatayo ng isang *osonan* sa tuwing mamamatay ang isang marangal na miyembro ng lipunan. Nadama nilang obligado silang parangalan ang isang patay na miyembro sa pamamagitan ng pagbibigay pugay nito. Ang mga kapitbahayan ay tumutulong sa pagtatayo upang makagawa ng marami nito hangga't maaari. Ang kaugnayan at simbolismo ng *osonan* sa lipunang Meranaw ay malinaw sa mga tao. Sa pinakasimpleng anyo nito,

CC BY

ito ay itinayo bilang paraan upang ipahayag sa publiko o ipakilala ito sa mga kamag-anak at biyenan na isang taong marangal at iginagalang sa lugar ang namayapa.

**b. Kanggawii sa Panahon ng Kolonyal**

Ang unang tala ng opisyal na kolonisasyon ng Pilipinas ay hindi sa panahon ng ekspedisyon nina Magellan at Elcano kundi ang ekspedisyon nina Legazpi at Urdaneta. Taong 1565 ang pagsisimula ng kolonisasyon sa Pilipinas. Sa kolonisasyong ito, hindi kabilang ang Katimugang Pilipinas dahil ang pangunahing layunin ng mga Kastila sa panahong ito ay kung paano maaalis ang impluwensya ng Borneo sa Pilipinas. Tinangka lamang itong pagsamantalahan ng mga Kastila noong 1578 matapos nilang maputol ang impluwensya ng estado ng imperyong Borneo sa buong isla. (Angeles 1974; Saber 1976). Ang mga Aklat nina Jubair at Majul ay isinalaysay ang tungkol sa serye ng mga digmaang Espanyol-Moro para sa pagtatangka ng mga Espanyol na lumikha ng isang kolonya sa Mindanao at pagsamantalahan ang likas na yaman nito. Ang serye ng digmaan na ito ay nagbunga ng maraming bagay at nagsimulang maimpluwensyahan ang pagbabalik ng ekonomiya at kapangyarihan ng Mindanao. Matapos ang tulong ng mga Amerikano sa pagpapalaya ng Pilipinas mula sa Kastila, nakuha na nila ang bansa at isinama ang Mindanao para sa planong ito. Sila ang unang kolonisador na nakaimpluwensya at matagumpay na nakontrol ang ilang bahagi ng Mindanao (Che Man 1990).

Bilang bahagi ng bagong gobyerno, pilit na tinanggap ng Mindanao ang mga bagong dayuhang pinuno na kailangang pagsamantalahan sila. Binago nito ang kultural na istruktura ng pamahalaan na ginamit ng mga Moro sa kanilang sariling lupain. Hindi lamang nilimitahan ng bagong kolonisador ang kanilang sarili sa pagbabago ng Mindanao sa pamamagitan ng sistemang pang-ekonomiya at pampulitika kundi sinubukan din nitong baguhin ang kanilang kultura. Ang pagbabagong malapit nang dumaong sa Mindanao ay kalaunan ipinatupad sa isla nang walang puwersa ng sandata ngunit sa halip ay dahil sa hindi maiiwasang pagbabago na nag-uugnay sa timog Pilipinas. Inilarawan ni Bennet ang mga Meranaw bilang ang pinaka-tradisyonal na mga Muslim na lumalaban sa mga pagbabago at ang huling mga grupo ng Moro na isinumite sa mga awtoridad ng Amerika (Russel, 1964).

Para sa mga katutubo ng Mindanao, ang pamahalaan ng Pilipinas mula *Commonwealth period* hanggang sa kasalukuyang panahon ay isa sa mga kolonisador nito (Majul, 1974). Ang pagbabagong ito ay, hindi maikakaila, ang isa sa mga salik kung bakit ang kulturang Moro ay umangkop sa bagong anyo at pagbabago sa pagdaan ng mga panahon na kinabibilangan ng mga Meranaw ng Lanao del Sur.

**Pinag-ugatan ng Pamamaraan sa *Kanggawii***

Noong panahon ng mga Amerikano, ang Moro ay sumailalim sa malupit na digmaan laban sa mga puti na nagkunwaring kambing ngunit lumabas bilang isang lobo. Ang pag-aalis ng mga kulturang Moro na itinuturing na 'hindi makatarungan' para sa mga Amerikano ay lumikha ng mga serye ng masaker sa lupain ng Moro. Ang serye ng masaker mula sa gobernador-heneral na si Wood hanggang kay Pershing ay lumikha ng malawakang pagluluksa para sa mga Meranaw dahil sa pagkawala ng daan-daang angkan nila. Ang mga paghihirap ng Meranaw ay hindi natapos sa malupit na pagkagobernador ng mga Amerikano kundi dinagdagan pa ng pagsalakay ng mga Hapon sa loob ng mahigit dalawang taon. Ang hindi maiiwasang pangyayaring ito ay lumikha ng pagbabago sa lipunan ng mga Moro. Isang bagong paraan ng paglilibing ng mga patay ang isinagawa ngayon tulad ng *mass burial* (kumpol-kumpol na paglilibing) na may *mass ceremony* (pagmimisa). Gayunpaman, ang orihinal na konsepto ng *kanggawii* ay pinananatili pa rin ngunit dahil sa *mass ceremonial activity* ay bahagyang nagbabago. Para sa mga mandirigmang namatay pagkatapos ng Jihad (relihiyosong labanan sa pagtatanggol sa kanilang lupain mula sa mga

CC BY

kolonisador), inalis ang *karigo* at *kakapan*, at isinagawa ang *mass burial* (Cariga, 2006). Idinaos din ang seremonya ng misa dahil ang ilan sa mga bangkay ay inilibing ng mga Amerikano at hindi ng mga Meranaw. Kaya, ang ilang mga bangkay ay hindi nakuha ng kanilang mga pamilya. At dahil dito, ginanap ang *kanggawii* sa pangkalahatan para sa ilang pamilya. Ang *kanggawii* para sa mga Meranaw ay bahagi ng panlipunang obligasyon na dapat nilang makamit para sa kanilang pamilya; kapwa para sa mga patay at sa kanilang mga kamag-anak.

**_Kanggawii_ sa Kontemporanyong Lipunang Meranaw**

Matapos ang pagkamit ng kalayaan ng Pilipinas noong 1946, isinulong ng pamahalaan ang iba't ibang programa ng paninirahan at pagpapaunlad sa Mindanao upang mapalawak ang produksiyong agrikultural at mabigyan ng lupang masasaka ang mga mamamayan mula sa Luzon at Visayas. Dahil dito, dumami ang mga migranteng Kristiyano na nanirahan sa iba't ibang bahagi ng Mindanao, na nagdulot ng pagbabago sa komposisyong demograpiko at sa ugnayang panlipunan sa rehiyon. Ang pagdagsa ng mga migrante ay nakaimpluwensiya rin sa kultura, kabuhayan, at mga tradisyong panlipunan ng mga katutubong pangkat at mga Moro, kabilang ang mga Meranaw. Bunga ng patuloy na pakikipag-ugnayan sa ibang pangkat at ng paglawak ng sistemang pormal na edukasyon, unti-unting nagkaroon ng mga pagbabago sa ilang kaugalian at paniniwala, kabilang ang mga ritwal na may kaugnayan sa paglilibing (McKenna, 1998).

**Ang Tungkulin ng _Kanggawii_ sa Sosyokultural na Lipunang Meranaw**

Ang *kanggawii* ay hindi lamang iba pang ritwal na ginagawa ng Meranaw kapag may namatay. Ito ay higit pa sa isang ritwal ngunit isang panlipunang obligasyon ng mga ito sa mga patay at sa kanilang mga kamag-anak at isang ring kautusang panrelihiyon na dapat gawin. Ayon sa pagsasaliksik ni Madale, ang kultura ng Meranaw ay hindi madaling mabago. Ang relihiyosong kaugalian ay higit pa sa pagbabago ng lipunan. Ang relihiyon, na mas matimbang sa kanila, ay hindi maaaring ganap na burahin ang mga lokal na kaugalian, gawi, at paniniwala kahit na ang mga ito ay salungat dito. Kahit ang mga kontemporanyong Meranaw ay higit na nakapag-aral alinman sa sekular o Islamiko, ang kanilang pagnanais na sundin ang mga gawaing ito ay napakalakas pa rin lalo na sa mga matatanda. Ang saloobing ito ay partikular na makikita sa kanilang konsepto ng kamatayan at sa kanilang mga gawi para sa mga patay at bahagyang dahil sa kanilang paggalang at pagmamahal sa mga matatanda at sa mga dumaan pa sa kanila.

Ayon kay Tawano, ang Meranaw ay itinuturing pa ring pinakakonserbatibong grupo sa mga tribong Moro at iyon ay dahil sila ang hindi gaanong apektado ng pagbabago sa lipunan. Gayunpaman, ang kanilang matibay na oryentasyon ng pagkakamag-anak ay nauugnay sa kanilang pagsasagawa ng Kanggawii. Matibay ang ugnayan ng pamilya at kalapit na tribo ng Meranaw kaya, sa mga tuntunin ng pangangailangan, ang bawat miyembro ng grupo ng kamag-anak ay kailangang magpakita ng kanilang katapatan o agarang pakikilahok sa grupo. Ang miyembro ng kamag-anak ay dapat magbigay ng anumang uri ng tulong sa anumang krisis na kinakaharap ng grupo dahil ito ay isa sa kanilang mga pangunahing obligasyon o responsibilidad sa pagiging bahagi ng grupo. Kaya lang kapag may namatay, upang ipakita ang katapatan, ang mga kamag-anak ng naulila ay dapat magbigay ng tulong sa anumang anyo, alinman sa pera o pisikal na pagtulong sa kanila sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa *kanggawii*. Ang mga obligasyon at pananagutan sa loob ng tinatawag na *katatabanga* ay dinadaluyan sa pamamagitan ng ilang organisasyon batay sa ugnayang pagkakamag-anak at ginagawang mas matatag at nagkakaisa ang pagkakamag-anak sa paglipas ng panahon.

CC BY

**Kabuluhan ng *Kanggawii* sa Kontemporanyong Lipunang Meranaw**

Sa kontemporanyong lipunan ng mga Meranaw, ito ay hindi na lamang isang ritwal na isinasagawa bilang paggunita at paggalang sa yumao. Sa paglipas ng panahon, nagbago rin ang kahulugan at tungkulin nito kasabay ng mga pagbabagong panlipunan, pang-ekonomiko, at pangkultura. Sa kasalukuyan, nagsisilbi pa rin ito bilang isang mahalagang pagpapahayag ng *maratabat*, isang konseptong tumutukoy sa dangal, karangalan, at pampublikong reputasyon ng isang indibidwal o pamilya sa lipunang Meranaw. Ayon kay Cariga, ang *maratabat* ay nakabatay sa mga simbolo, kolektibong pagpapahalaga, at pampublikong moralidad na humuhubog sa pagkilala at pagtingin ng komunidad sa isang pamilya.

Sa konteksto ng *kanggawii*, nagiging simbolo ng prestihiyo ang ritwal sa pamamagitan ng lawak ng paghahanda, bilang ng mga dumadalo, kalidad ng handang pagkain, at iba pang gawaing isinasagawa sa panahon ng pagluluksa. Ang isang maayos at marangyang pagdaraos ng Kanggawii ay maaaring ituring na pagpapakita ng kakayahan ng pamilya na tuparin ang kanilang pananagutang panlipunan at mapanatili ang kanilang Maratabat. Dahil dito, nagsisikap ang ilang pamilya na maisagawa ang ritwal sa paraang naaayon sa inaasahan ng kanilang komunidad, kahit na nangangailangan ito ng malaking gastusin.

Gayunpaman, ang paraan ng pagsasagawa ng *kanggawii* ay malaki rin ang impluwensiya ng katayuang pang-ekonomiko ng pamilya. Ang mga pamilyang may mas malaking kakayahang pinansyal ay karaniwang nakapaghahanda ng mas maraming pagkain, nakapag-aanyaya ng mas maraming panauhin, at nakapagsasagawa ng mas malawak na mga gawaing kaugnay ng *kanggawii*. Samantala, ang mga pamilyang may limitadong yaman ay maaaring magsagawa ng mas payak na pagdiriwang at mas kaunting aktibidad. Sa ilang pagkakataon, ang ganitong pagkakaiba ay maaaring makaapekto sa pagtingin ng komunidad sa katayuan at *maratabat* ng pamilya, lalo na sa konteksto ng mga konsepto ng *katatabanga* at pag-aangkan, na nagbibigay-halaga sa ugnayan ng pamilya at pakikilahok ng komunidad.

Ipinakikita ng mga pagbabagong ito na ang *kanggawii* sa kontemporanyong lipunan ng mga Meranaw ay hindi na lamang isang ritwal na may layuning ispirituwal at kultural. Ito rin ay naging isang espasyong panlipunan kung saan naipapahayag ang katayuang pang-ekonomiko, ugnayang pampamilya, at pampublikong reputasyon ng isang pamilya. Sa gayon, ang *kanggawii* ay patuloy na nagbabago ng anyo at kahulugan habang nananatiling mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan at kulturang Meranaw.

## 4. Konklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napatunayang ang *kanggawii* ay nananatiling mahalagang bahagi ng identidad at pamanang pangkultura ng mga Meranaw. Bagama't nagbago ang ilang ritwal at kaugalian nito dahil sa impluwensiya ng Islam, kolonyalismo, migrasyon, modernisasyon, at iba pang pagbabagong panlipunan, nananatili ang pangunahing layunin nito bilang pagpaparangal sa yumao at pagpapatibay ng ugnayan ng pamilya at komunidad. Ipinakita rin ng pag-aaral na sa kontemporanyong lipunang Meranaw, ang *kanggawii* ay hindi na lamang isang ritwal na may ispirituwal at kultural na kahalagahan, kundi isa ring pagpapahayag ng *maratabat* o dangal ng pamilya. Dahil dito, ang lawak at paraan ng pagsasagawa ng *kanggawii* ay maaaring maimpluwensiyahan ng katayuang pang-ekonomiko ng pamilya, na nagiging batayan din ng pagtingin ng komunidad sa kanilang prestihiyo at panlipunang katayuan. Sa kabila ng mga pagbabagong ito, nananatiling buhay ang *kanggawii* bilang isang mahalagang simbolo ng pagkakakilanlan at pagpapatuloy ng tradisyong Meranaw.

Gayunpaman, kinikilala ng pag-aaral na ito ang ilang limitasyon. Ang mga datos ay nakabatay lamang sa limitadong bilang ng mga pangunahing impormante, kaya't maaaring hindi nito ganap na mailarawan ang iba pang aktwal na pagsasagawa ng *kanggawii* sa iba't ibang pamayanang

CC BY

Meranaw. Naging hamon din ang kakulangan ng mga dokumentaryong sanggunian, lalo na hinggil sa mga kaugaliang umiiral bago ang pagdating ng Islam, kaya't malaking bahagi ng datos ay nakasalig sa mga salaysay ng mga *aleem*, *ustad*, at iba pang tagapag-ingat ng tradisyon. Dahil dito, inirerekomenda na ang mga susunod na pag-aaral ay magsama ng mas maraming kalahok mula sa iba't ibang munisipalidad ng Lanao del Sur at karatig na pamayanang Meranaw, gumamit ng iba pang kwalitatibong pamamaraan tulad ng etnograpiya at *participant observation*, at magsagawa ng paghahambing sa mga ritwal sa paglilibing ng iba pang pangkat etnolingguwistiko sa Mindanao. Ang mga ganitong pag-aaral ay makatutulong sa higit na pag-unawa sa patuloy na pagbabago ng *kanggawii* at sa pagpapanatili nito bilang mahalagang pamana ng kulturang Meranaw.

## 5. Reperensya

Boransing, M., Magdalena, F. and Luis Q. Lacar. (1987). The Madrasah Institution in the Philippines. Iligan City: Published under a grant from the Toyota Foundation.

Buendia, R. (2018). Bangsamoro Secessionism. Routledge Handbook of Contemporary Philippines. In https://www.academia.edu/36216710/Bangsamoro_Secessionism.

Ileto, R. C. (1999). Knowing America's Colony: A Hundred Year's from the Philippine War. Hawaii Correctional Industries.

Macaraya, B. A. (1975). "Brief Essays on the Cultural and Rites of the Maranao". Dansalan Research Center Occasional Papers No. 3.

Madale, A. T. (1973). The Remarkable Maranaws. Quezon City: Omar Publications.

McKenna, T. (1998). "Muslim Rulers and Rebels: Everyday Politics and Armed Separatism in the Southern Philippines". University of California Press.

Madale, N. (1997). Radia Indarapatra: A Study of Maranao Folk Narrative. Master of Arts thesis, University of the Philippines.

Majul, C. (1973). Muslims in the Philippines. Quezon City: University of the Philippines Press.

Majul, C. (1977). Mosque in the Philippines, The Muslims also Pray. In Filipino Heritage: The Making of a Nation. Edited by Alfredo R. Roces. Vol. IV, 779-784. Manila: Lahing Pilipino Publishing Inc., 1977.

Pandapatan, A. M., Pandapatan, S. A. T., Hussain, B. S., Hadji Jamel, A. J. A., Hadji Socor, N. U.,Abaton, S. Z. M., Singer, N. H., Ali, A. A., Ampuan, I. M., & Alangca-Azis, J. D. (2026). Meranaw language vitality in select Lanao municipalities: A preliminary assessment. Rainbow: Journal ofLiterature, Linguistics and Cultural Studies, 15(1), 21–31. https://journal.unnes.ac.id/journals/rainbow

Saber, M. and Madale, A. (1975). The Maranao. Manila: Solidaridad Publishing House.

Saleeby, N. M. (1963). History of Sulu. Manila: Filipiniana Book Guild. This is a reprint of the original; 1908 edition. An online edition is found in https://historyofsulu.wordpress.com/homepage.

Tan, S. K. (1977). The Filipino-Muslim Armed Struggle 1900-1972. Metro Manila: Filipiniana Reprint Series, Cacho Hermanos Inc.

Zaide, G. F. (1951). Great Events in Philippine History.

CC BY